**PAGHAHAIN NG APELA PARA SA MGA MULTA, PAGSUSUSPINDE, O PAGPAPAWALANG-BISA**

1. Dapat maghain ng apela kaugnay ng pasya ng Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer (Department of Business Affairs and Consumer Protection, "BACP") na nagpapataw ng multa, nagsususpinde, o nagpapawalang-bisa ng lisensya sa alak sa Komisyon sa Pag-apela ng Lisensya (License Appeal Commission, "LAC") sa loob ng DALAWAMPUNG (20)* araw mula sa petsa ng paglalabas sa kautusan ng Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer na nagpapataw ng multa, nagsususpinde, o nagpapawalang-bisa ng lisensya sa alak. **KUNG HINDI MAIHAHAIN ANG APELA SA LOOB NG DALAWAMPUNG (20) ARAW* MULA SA PETSA NG PAGLALABAS SA KAUTUSAN, MAWAWALAN KA NG KAKAYAHANG IAPELA ANG PASYA**. (Pakitandaan: Sumusunod ang Komisyon sa Pag-apela ng Lisensya sa iskedyul ng mga opisyal na holiday na inilabas ng Legal na Departamento (Law Department) ng Lungsod ng Chicago.

2. Para iapela ang pasya ng Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer, dapat maghain ang licensee (may hawak ng lisensya) ng ilang partikular na dokumento sa Komisyon sa Pag-apela ng Lisensya.

   A) Dapat maghain ang Licensee ng Abiso sa Apela (tingnan ang Abiso sa Apela sa ilalim ng Mga Dokumento).

   B) May kasama dapat ang iyong Abiso sa Apela na isang kopya ng kautusan ng Kautusan para sa Disposisyon (Disposition Order) ng Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer na may Pasya Batay sa Mga Detalye (Findings of Fact), na nagpapataw ng multa, nagsususpinde, o nagpapawalang-bisa sa lisensya.

   C) Kinakailangan din ng POS (Point of Sale) Invoice na nagpapakitang nabayaran na ang singil sa paghahain na nagkakahalaga ng $125, at patunay na nabayaran na ang lahat ng kinakailangang singil sa lisensya.

   D) Napanotaryong Affidavit na nagsasaad na ipinag-utos ang mga transcript ng hukuman mula sa mga paglilitis sa Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer.

3. Para makapaghain ng apela, dapat magbayad ang Licensee ng singil sa paghahain na nagkakahalaga ng $125.00 sa Departamento ng Pananalapi (Department of Finance). Available na ngayon ang form para sa POS Invoice sa website ng aming departamento sa www.cityofchicago.org/lac I-download ang form at bayaran ang singil sa anumang center sa pagbabayad ng Lungsod ng Chicago. Dapat magsumite sa Komisyon sa Pag-apela ng Lisensya ng resibong nagpapakitang nabayaran na ang singil. HINDI TATANGGAPIN ANG ISANG APELA KAPAG WALA ANG RESIBONG ITO.

4. Dapat ding isama ng Licensee ang anumang case law o statute na gagamitin ng Licensee sa pangangatwiran nang salungat sa pasya ng Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer.

5. Kapag naihain na ang apela sa Komisyon sa Pag-apela ng Lisensya, dapat maghain ang Licensee ng Napanotaryong Affidavit na nagsasaad na ipinag-utos ang mga transcript ng hukuman mula sa mga paglilitis sa Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer. Dapat ihain ang affidavit sa Komisyon sa Pag-apela ng Lisensya sa loob ng SAMPUNG (10) araw ng negosyo mula sa petsang itinatak ng Komisyon sa Pag-apela ng Pasya sa Abiso sa Apela. KUNG HINDI MAIHAHAIN ANG AFFIDAVIT NA ITO, IDI-DISMISS ANG APELA. Ang sinumang licensee ng alak na aapela ng

kautusan sa pagpapawalang-bisa na mula sa Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer ay inaatasan ng batas ng estado na bayaran at panatilihing updated ang kanyang mga singil sa pag-renew ng lisensya sa alak habang nakabinbin ang apela. Kakailanganin ng sinumang licensee ng alak na aapela ng kautusan sa pagpapawalang-bisa sa Komisyon sa Pag-apela ng Lisensya na magpakita ng patunay na nabayaran na ang lahat ng singil sa pag-renew ng lisensya. Dapat bayaran ng mga licensee ng alak ang kanilang mga singil sa pag-renew sa Departamento ng Pananalapi ng Lungsod ng Chicago sa Room 107 ng Munisipyo, at dapat silang humingi ng resibo. Dapat isumite ang resibo ng nabayaran nang singil sa pag-renew ng lisensya, pati ang resibong nagpapakitang nabayaran na ang singil sa paghahain ng bagong apela, sa Komisyon sa Pag-apela ng Lisensya bilang kinakailangan sa paghahain ng apela.

*Araw = araw sa kalendaryo. Kung matatapat ang takdang petsa sa Sabado, Linggo, o holiday ng Hukuman, gagawing susunod na available na araw ng negosyo ang takdang petsa.

# <u>MGA KINAKAILANGAN SA PAGHAHAIN NG APELA SA LISENSYA</u>

<u>(Pagmumulta, Pagsususpinde, o Pagpapawalang-bisa)</u>

**Inirerekomendang gawin ang paghahain sa electronic na paraan sa pamamagitan ng pag-email sa Michelle.Guzman-Flores@cityofchicago.org.**
**Kung hindi ka makakapag-email, tumawag sa 312-744-4095 para isaayos ang anumang personal na paghahain**.
Kasama DAPAT ang mga sumusunod na dokumento para tanggapin ang apela para sa paghahain. Kung hindi maisusumite ang alinman sa mga dokumento sa ibaba, tatanggihan ang paghahain.

**Kasama DAPAT ang mga sumusunod na dokumento para tanggapin ang apela para sa paghahain. Kung hindi maisusumite ang alinman sa mga dokumento sa ibaba, tatanggihan ang paghahain.**

- Abiso sa Apela
- Ang Kautusan sa Pagpapawalang-bisa, Pagsususpinde, o Pagmumulta (kasama ang Pasya Batay sa Mga Detalye)
- Form para sa Appearance
- Kopya ng resibo ng singil sa paghahain. Available na ngayon ang form para sa POS Invoice sa website ng departamento. I-download ang form at bayaran ang singil sa anumang center sa pagbabayad ng Lungsod ng Chicago.
- Aatasan ang mga licensee ng alak na magpakita ng patunay na nabayaran na ang **lahat ng singil sa pag-renew ng lisensya**. Dapat bayaran ng mga licensee ang kanilang mga singil sa pag-renew sa Departamento ng Pananalapi ng Lungsod ng Chicago sa Room 107 ng Munisipyo. Magsama ng kopya ng resibong ito.

Mada-download ang mga form sa itaas sa aming website (www.cityofchicago.org/lac), o puwede kang mag-iskedyul ng oras ng pagkuha ng mga aktwal na kopya sa aming opisina sa pamamagitan ng pag-email sa Michelle.Guzman-Flores@cityofchicago.org o pagtawag sa 312-744-4095. Kung humihiling ka ng mga aktwal na kopya, lubos na inirerekomendang tumawag o mag-email ka nang hindi bababa sa limang (5) araw ng NEGOSYO (hindi kasama ang Sabado, Linggo, o holiday ng hukuman) bago mo ito kunin para magarantiyang makakapag-iskedyul ng oras para sa pagkuha ng mga aktwal na kopya. Pakitandaang kakailanganin mo ng oras para madala ang form para sa POS Invoice sa anumang center sa pagbabayad ng Lungsod ng Chicago, mabayaran ang singil sa paghahain, at makakuha ng resibo BAGO maihain ang apela sa aming opisina.

<u>**Pakitandaang sa loob ng 10 araw bago ang deadline ng paghahain sa apela, dapat maghain ang Licensee ng NAPANOTARYONG AFFIDAVIT na nagsasaad na ipinag-utos ang mga transcript ng hukuman mula sa mga paglilitis sa Departamento ng Mga Ugnayan sa Negosyo at Proteksyon sa Consumer. *KUNG HINDI MAIHAHAIN ANG AFFIDAVIT, IDI-DISMISS ANG APELA.***</u>